Filipino 9 | Noli Me Tangere

Mayo 2, 2024

OPENING PRAYER (TAGALOG)

Kabanata VI:

Si Kapitang Tiyago / Tiago

Kabanata VI:

Si Kapitang Tiyago / Tiago

ANO ANG BUONG PANGALAN SI KAPITANG TIYAGO?

TALATINIGAN

Ibigay ang angkop na kahulugan ng mga salitang nakahilig sa pangungusap.

1. **Katunggali** siya ng mga mahihirap.
2. Ang **kapintasan** niya ay ang pagnganga.
3. Ipinalalagay na **magkakamit** siya ng kalangitan.
4. Ang **pag-alipusta** sa mahihirap ay ginagawa niya.
5. Siya ay **sakim**.
6. Pinagbibintangan siyang **maniniil** ng marami.
7. Nais niyang **malaluan** ang matandang babae.
8. Siya ang **nag-aruga** sa batang babae.
9. **Nalulugod** sa kanya ang mga prayle.
10. Labis na katuwaan ang **nadama** niya sa pagdating ng binata.

IBIGAY MO ANG BUOD NG *KABANATA 6*

BASAHIN MO AT UNAWAIN ANG *KABANATA 6*

Habang ang mga panauhin ay nangatutulog pa o nag- aagahan ay kilalanin natin si Kapitan Tiyago.

Siya ay pandak, di kaputian, may bilugang mukha at may katabaan. Ayon sa humahanga sa kanya hulog ng langit ang mga katangiang taglay nito, at ayon sa mga katunggali'y buhat sa dugo ng mga mahihirap. Siya ay mukhang bata kaysa sa tunay niyang gulang, kaya't aakalaing siya ay nasa pagitan lamang ng tatlumpu't limang taon. Ang mukha niya ay palaging anyong banal at ang ulo niyang nagtataglay ng maiitim na buhok ay sinasabing naglalaman ng maraming bagay. Ang maliliit niyang mata ay hindi singkit, at ang ilong ay hindi rin sarat. Masasabi sanang magandang lalaki kung hindi nga lamang nananabako at ngumanganga, na siyang nakapagpapapangit sa kanya dahilan sa pag-iipon ng hitso sa isang pisngi. Gayon pa man maputi ang kanyang mga ngipin.

Itinuturing siya na isa sa pinakamayaman sa Binundok dahil sa malaki ang inaani niya sa kanyang mga lupain sa Pampanga at Laguna, lalung-lalo na sa San Diego, na ang buwis ay tumataas taun-taon. Ang bayang ito'y kinagigiliwan dahil sa mainam na paliguan, bantog sa sabungan, at matamis na mga alaalang naganap doon. Maraming mga paupahang bahay sa Santo Cristo, sa daang Rosario. Ang kalakal na apyan ay kalakal nila ng isang Intsik. Ito'y nagpapanhik sa kanya ng maraming salapi. Binibili din niya ang mga katungkulang ipinagbibili ng pamahalaan kaya't nang panahong yaon, siya ay mayaman at kasundo ng Diyos, pamahalaan, at mamamayan.

Na siya ay kasundo ng Diyos ay hindi matututulan, sapagkat ang salapi ay nakabibili ng kabanalan. Ang Diyos ay lumikha ng mga pari upang magmisa at manalangin nang hayagan. Lumilikha rin ng mahihirap upang sa halagang piso ay magdasal ng labing- anim na rosaryo at bumasa ng lahat ng banal na aklat kasama ang Bibliya kung daragdagan ang upa. Siya ay tumutupad sa kanyang mga pangako sa Santo at Santa, katulad ng Ntra. Sra. dela Paz y Buen Viaje nguni't sa ibang maliliit na santo at santa ay karaniwang hindi siya tumutupad ng kanyang pangako. Sa isang silid ng kanyang tahanan ay naroroon ang lahat ng santo at santang kanyang sinasamba, gaya ng Sta. Lucia, San Pascual Bailon, San Antonio de Padua, San Francisco de Asis, San Antonio Abad, San Miguel, Sto. Domingo, Jesukristo at Banal na Mag-anak. Dahil dito'y inaakala ng lahat na siya ay magkakamit ng kalangitan.

Na siya'y malapit sa pamahalaan ay sapagkat hindi siya lumalabag sa batas. Maging ang kaliit-liitang puno ng pamahalaan ay kanyang kasundo at handa siyang magregalo ng pabo, kapon, at prutas na galing sa Tsina. Ang mga pagdiriwang ng mga gobernador, alkalde, piskal at iba pa, ay tinatapatan niya ng orkestra upang sila'y batiin. Sapagkat ang paniniwala niya na siya'y hindi Indiyo, kaya kapag nakarinig ng pangmamata sa kanyang kababayan ay hinihigitan pa niya ang pag-alipusta; kung mistisong Intsik o Kastila naman ang pinagwiwikaan ay kasama rin siya sapagka't Kastila ang palagay niya sa sarili.

Nahalal na gobernadorcillo o kapitan ng samahan ng mga mistiso sa kabila ng maraming tutol sa paniniwalang siya ay hindi mistiso. Dalawang taon siyang nanungkulan at sa loob ng panahong yaon ay nakasira siya ng sampung prak, sampung sombrero de copa at anim na baston. Ang kasuotang ito ay taglay niya sa lahat ng lakad; sa Ayuntamiento, sa Malakanyang, sa simbahan, sa prusisyon, sa tindahan at sa sabungan. Itinuturing siyang mabuting tao ng mga makapangyarihan, Siya'y masunurin, payapa at hindi mapagbasa ng anumang aklat at pahayagang buhat sa Espanya. Ang mga di naniniwala sa kanya ay nagsasabing sakim siya. mapagsamantala sa mahihirap at maniniil at masiba sa mga napag- uutusan niya.

May kaagaw si Kapitang Tiyago sa paghahandog sa simbahan. Ito ay si Aling Patrocinio. Kapag si Kapitan Tiyago ay naghandog ng isang tungkod na may esmeralda at topasyo, siya nama'y nagpapagawa agad ng tungkod na may ginto at brilyante. Anupa't si Kapitan Tiyago ay laging daig ng babae, kaya't upang malaluan niya, siya ay magpapamisa agad na kasama ang matutunog na bomba at kuwitis. Sapagkat ang babae ay takot sa putok, ito ay bumabayad ng magagalang na manunulumpati ng Korporasyon sa Maynila at magagaling na paring magsesermon. Lagi siyang daig ni Aling Patrocinio. Ang sabi tuloy ng ilan ay magiging santa si Aling Patrocinio kapag namatay upang sambahin siya maging ni Kapitan Tiyago. Pumapayag na rin siyang mamatay kaagad.

Nag-iisang anak siya ng isang mayaman na mangangalakal ng asukal sa Malabon. Dahil sa kakuriputan ng ama ay hindi siya pinag-aral kaya siya ay nagpaalila sa isang Dominiko. Ito ang nagtiyagang nagturo sa kanya. Nang mamatay ang kumupkop sa kanya at ang kanyang ama, siya ay nangalakal na lamang. Ang napangasawa niya ay si Pia Alba, isang maganda at butihing babae na taga Santa Cruz at naging katulong niya sa pagpapayaman. Namili siya ng lupain sa San Diego at dito nila naging kaibigan si Padre Damaso at Don Rafael Ibarra.

Ang di pagkakaroon ng anak sa loob ng anim na taon nilang pagsasama ang dahilan upang mamanata si Donya Pia sa Birheng Kaysasay sa Taal at nagsayaw sa prusisyon ng Birhen ng Turumba sa Pakil sa gitna ng init ng araw. Isinunod ang pagsayaw sa Obando, sa payo ni Padre Damaso. Si San Pascual Bailon ay balita sa pagbibigay ng anak na lalaki at ang Ntra. Sra. de Salambaw at Santa Clara ay anak na babae. Dininig ng mga santa ang dasal ni Donya Pia. Siya ay naglihi ngunit ang pagdadalang tao'y napuno ng kalungkutan. Pagkapanganak sa isang magandang sanggol ay dinapuan ng matinding lagnat ang butihing babae na naging dahilan ng maagang kamatayan. Si Padre Damaso ang ninong sa binyag at ang bata'y pinangalanang Maria Clara.

Si Tiya Isabel ang nag-aruga at nagturo kay Maria Clara. Ang malalaking mata ni Maria Clara na kuha sa kanyang ina ay lagi nang masaya kung naglalaro ngunit malamlam kung hindi na siya nangingiti. Mamula-mula ang kanyang buhok, maganda ang ilong may biloy sa mga pisngi at ang balat ay animo'y balat ng sibuyas na kasimputi ng bulak. Ang tanging namana kay Kapitan Tiyago ay ang maliliit na tainga. Ayon kay Tiya Isabel, ang mga katangian ni Maria Clara ay dahil sa pagluha ng ina sa harap ni San Antonio nang ito'y naglilihi. Ang sabi naman ng isang pinsan ay kay San Miguel ipinaglihi.

Lumaki si Maria Clara sa gitna ng pagmamahal ng kanyang Tiya Isabel, kanyang ama, at mga prayle. Kung siya ay sumasama sa prusisyon, ang mga prayle'y gulung-gulo sa paggagayak sa kanya Ang pakpak ng kanyang kasuota'y yari sa pilak at ginto. Dalawang kalapating puti ang lagi nang nasa kanyang mga kamay. Dahil sa katuwaan ni Kapitang Tiyago ay walang katapusan ang pagpapasalamat niya sa mga santo at santa ng Obando.

Ipinasok si Maria Clara sa beaterio ng Sta. Catalina sa gulang na labing-apat na taon. Labis ang kalungkutan na nadama ni Maria Clara nang siya ay magpaalam kay Padre Damaso at sa kanyang kaibigan at kababatang si Crisostomo Ibarra. Sa kumbento Sta. Catalina malilibing ang kanyang kalayaan. Dito ay hindi na siya maaaring makipag-usap sa kanyang mga minamahal nang walang magmamasid. Pitong taon siya sa kumbento. Nagtungo naman sa Europa si Ibarra.

Makaraan ang ilang taon nilang pagkakalayo, sila ay kapwa tumanggap ng balitang nagpaligaya sa kanilang mga puso. Ang kanilang mga ama ay nagkasundo na sila'y pag isahing-palad pagdating ng panahon dahil sa paniniwalang ang dalawa ay tunay na nag-iibigan.

TALAKAYAN

Sagutin ang mga tanong.

1. Ilarawan si Kapitan Tiyago.
2. Bakit sinasabing kasundo siya ng Diyos?
3. Ano ang dahilan at mabait sa kanya ang pamahalaan?
4. Ano ang ibig sabihin ng apyan? Bakit yumayaman ang nagnenegosyo nito? Sino ang kasosyo ni Kapitan Tiyago sa pagbebenta ng apyan?
5. Ilahad ang katangian ni Kapitan Tiyago bilang:
   a) anak
   b) mangangalakal
   c) asawa at ama
   d) tagasunod ng simbahan
   e) tagasunod ng pamahalaan
   f) pilipino

GABAY-DIWA

Sagutin ang mga tanong.

1. Laganap ba ang apyan sa ngayon? Ano ang iginagawad na parusa ng pamahalaan sa mga nahuhuling nagbebenta nito?
2. Paghambingin ang bentahan ng apyan noon at ngayon.
3. May mga magulang pa ba ngayon na pumipili ng mapapangasawa ng anak? Bakit?
4. Kung ikaw ang papipiliin o tatanungin maging nais mo bang ama si Kapitan Tiyago? Bakit?

WAKAS